# BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE HULYO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
**Website:** http:///www.camarinesnorte.gov.ph **E-mail:** cao_cnorte@yahoo.com



**nasa loob**
EDITORYAL 4
PIKTORYAL 5


Salamat Gob p
HELP column 8







# Gob. Typoco malugod na tinanggap ang Hongkong Young Envoys of UNICEF Committee


Gov. Jesus O. Typoco, Jr.

Malugod na tinanggap ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang delegasyon ng 30 mag-aaral mula sa Hongkong na kinilala bilang *Young Envoys of the Hongkong Committee for UNICEF* na dumating sa Camarines Norte noong Hulyo 21 at namalagi rito hanggang Hulyo 25.

Sa pamamagitan ng *United Nations Children's Fund (UNICEF)* sa Maynila, nagtungo rito ang grupo sa layuning makita at matutunan nila ang mga programa at gawain para sa mga bata na itinataguyod ng *UNICEF* sa Pilipinas partikular na nga ang pagpunta nila sa iba't-ibang proyekto at gawain dito sa lalawigan.

Pinangunahan ni Christine Kam, *Education Officer* ng *UNICEF, Hongkong* ang delegasyon kasama sina Randy Jay Solis at Merlie Estilles ng *Communication Section* ng *UNICEF Manila*. Nagtungo ang grupo sa iba't-ibang *CPC areas* dito sa pakikipag-ugnayan ng *Provincial Planning and Development Office* sa mga kinauukulang opisyal at tanggapan.

Matatandaan na noong Hulyo 21, mula sa *Pili Airport*, dumating ang 30 *young envoys* sa Camarines Norte at sinalubong ng *CPC 6 PTWG* sa pa--ngunguna ni Arch. Madonna A. Abular, *Provincial Planning and Development Coordinator/CPC 6 Coordinator.* Isinagawa ang isang oryentasyon kung saan ipinakilala sa kanila ang ating lalawigan at ipinali-

(Sundan sa pahina 2)



*Ang mga Young Envoys of UNICEF mula Hong Kong nang sila ay bumisita sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. Ang mga mag-aaral na ito ay narito upang makita ang sitwasyon ng mga kabataan dito sa lalawigan at magkaroon ng interaction sa mga tagapangasiwa ng mga programa ng 6th Country Program for Children o CPC 6 na programa ng UNICEF at pamhalaang panlalawigan. Kasama sa larawan si SP Kagawad Jonah G. Pimentel.*

# Bagasbas Beach gagawing world class tourist destination

Ninanais ng *Typoco Administration* na gawing isang *world class tourists destination* ang *Bagasbas Beach* para makatulong ito sa promosyon ng turismo sa ating probinsiya.

Sa panayam kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr., sinabi nito na sa kasalukuyan ay patuloy ang pakikipagnegosasyon ng kanyang pamunuan sa mga mamumuhunan *(investors)* na may planong magtayo ng iba't-ibang mga establisimyento at/o mga *tourists facilities* sa paligid ng dinarayong *Bagasbas Beach* na kinakailangan ng mga turista na

(Sundan sa pahina 2)

## ERRATUM

Basahin sa pahina 7

# Sa 'bunot' may pera ka na makatutulong ka pa



**FERDIE CHUA**
**Chairman, Alay Lakad Foundation**


"Sa bunot, may pera ka na, makatutulong ka pa!" Ito ang sentrong pangkaisipan sa likod ng *coco coir project* ng *Camarines Norte Alay-Lakad Foundation Inc. (CNALFI)* na pinupunduhan ng *World Vision Development Foundation, Inc. (WVDFI)*.

Layunin nito na makapagbigay ng tuluy-tuloy na hanapbuhay sa mga mahihirap na pamilya sa buong lalawigan lalo na ang pamilya ng mga kabataang benepisaryo ng *ABK Initiative (ABKI)* upang masuportahan ang pag-aaral ng kanilang mga anak.

Itinaguyod din ng WVDFI ang *ABKI* sa mga barangay ng Sta. Rosa Sur, Luklukan Norte, Luklukan Sur at Sta. Elena sa bayan ng Jose Panganiban, at Brgy. Dalas sa bayan ng Labo.

Makatutulong ito sa mga magsasaka ng niyog at *agrarian reform beneficiaries (ARBs)* sa pamamagitan ng pagbili sa mga bunot na karaniwang itinatapon o sinusunog na lamang nila.

Madaragdagan din ang mga *out-of-school youths (OSYs)* na mabibigyan ng *vocational training assistance* ng CNALFI mula sa bahagi ng kikitain sa *coco coir project*. Mabibigyan din nito ng hanapbuhay ang mga samahang pangkababaehan na isasailalim sa pagsasanay sa paglulubid *(twining)* kung saan babayaran ng *CNALFI* ang magagagawa nilang mga lubid.



Makatutulong din ito sa pangangalaga sa kalikasan sapagkat hindi na itatapon pa sa karagatan, ilog at iba pang lugar ang bunot ng niyog na nagiging sanhi ng dumi sa kapaligiran, pagbaha at iba pa.

Maaari ring makagawa ng *coco nets* mula sa bunot na ipantatapal sa mga bulubundukíng lugar na maaaring gumuho. Mababawasan din ang polusyon sapagkat makagagawa ng mga kagamitan mula sa bunot na walang sangkap na anumang nakalalasong kemikal hindi katulad ng ibang materyales.

Sa unang taon ng implementasyon ng proyekto, ang *ABK families* ang magsasagawa ng paglulubid at sila rin ang target na pagkukunan ng mga bunot na gagamitin.

Sa ikalawa at ikatlong taon, matutulungan nito ang mga kabataang may edad lampas sa 15 taon sa pamamagitan ng pagbibigay-kakayahan sa kanila sa paglulubid at iba pang kasanayan sa paggawa ng mga produkto mula sa bunot kung saan ang mga *ARBs* at magsasaka ng niyog ang pagkukunan ng mga materyales na bunot.

Ang bawat piraso ng buong bunot o coco husk at mga produktong yari mula rito ay babayaran ng *CNALFI* sa mga kinauukulan base sa halagang nakasaad sa *memorandum of agreement (MOA)* na kanilang nilagdaan. ***LT IBASCO***

# Bagasbas Beach gagawing ...

*(Mula sa pahina **1**)*

dadayo sa ating ipinagmamalaking *beach*.

Ang planong ito ng punong lalawigan ay base na rin sa pag-aaral na posibleng maghanap ng ibang alternatibong lugar at mapupuntahan ang mga turista dahil ang Boracay ay lubhang napinsala ng dumaang bagyong "**Frank**".

Idinagdag pa ng gobernador na pinaplantsa pa rin nila ang pakikipagnegosasyon sa isang grupo ng mga *investors* na may balak na magtayo ng isang *world class hotel* sa gilid ng Bagasbas Beach gayundin ng iba pang mga pasilidad kagaya ng *foot spa*. At sa sandaling maging pinal na ang naturang negosasyon, ito ay ipahahayag din ng gobernador sa publiko.

Iipinahayag naman ni *Tourism Officer Designate* Edgardo "Ka Boy" Reyes na maglalaan ang pamahalaang panlalawigan ng isang lugar sa Bagasbas Beach para matayuan ng mga pasilidad para sa mga *extreme* at *water sports*. Kasama rito ang pasilidad para sa larong *skateboarding* na kinahihiligan ng mga turistang banyaga at mga kabataan man.

Kabilang din sa plano ng *Provincial Tourism Office* na gawing *jumping point* ng mga turista ang *Bagasbas Beach* kung nais pa nilang magtungo sa iba pang magagandang *tourist destinations* sa ating lalawigan.—

***Irene C. Cambronero, Radyo ng Bayan***




***Ilan sa mga ipinatutupad na proyekto ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr sa Bagasbas Beach ay ang pagsasaayos ng parke dito bilang bahagi ng tourism program ng pamahalaang panlalawigan. Nasa kanang larawan naman ang Bagasbas Beach kung saan ito ay dinarayo ng mga turistang nagnanais na matutong mag-surfing.***

# Gob. Typoco malugod...

wanag sa kanila ang mga karapatan ng mga kabataan at ang sitwasyon ng mga kababaihan at kabataan sa Pilipinas at sa Camarines Norte.

Sa pangunguna ni Mayor Romeo Moreno, mainit na tinanggap ng LGU-Paracale at *Barangay Officials* ng Batobalani ang grupo ng mga batang mag-aaral noong Hulyo 22 sa *Batobalani Health Station*, Batobalani, Paracale. Dito ipinaliwanag ni *Municipal Health Officer* Virginia Mazo, ang iba't-ibang serbisyong pangkalusugan na ibinibigay sa mga bata at nanay kasama na ang mga Kabihugs *(Indigenous People)*. Nagsagawa rin ng *special mother's class* at *counseling* sa mga kababaihang Kabihug na naroroon. Nag-obserba rin ang grupo sa pagbibigay ng *health personnel* ng *immunization/vaccination* sa mga batang Kabihug.

Nagtungo rin sila sa *Batobalani Elementary School (Child-friendly School System)* kung saan isang *welcome program* ang idinaos para sa mga *young envoys* na tinampukan ng mga awitin at sayaw. Umikot sila sa paaralan at tiningnan ang mga pasilidad at nag-obserba sa iba't-ibang mga klase. Kinapanayam nila ang mga mag-aaral at guro upang malaman ang mga pamamaraan at istratehiya ng isang *child-friendly school*.

Kinagabihan, binigyan sila ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. ng isang *welcome dinner* na ginanap sa *2nd floor lobby* ng Kapitolyo Probinsyal na dinaluhan ng ilang miyembro ng Sangguniang Panlalawigan at

**Sundan sa pahina 3**



# Brgy. San Jose at Matnog, Basud at Cobangbang, Daet nagpasalamat sa mga tulong ni Gob. Typoco

Ipinaabot ng Sangguniang Barangay ng San Jose, Basud ang taus-puso nitong pasasalamat kay Gob. Jesus O. Typoco Jr. dahil sa naisagawang *graveling* ng *farm-to-market road* sa Purok 1, Sitio Ragpas ng naturang barangay.

Ito ay sa pamamagitan ng ipinalabas nilang Resolusyon Blg. 44 s. 2008 na isinulong ni Brgy. Kgd. Roberto A. Molina at pinangalawahan naman ni Brgy. Kgd. Romulo M. Babol.

Idinagdag pa ng pamunuan ng Brgy. San Jose na nagdulot ng ginhawa sa kanilang mga residente ang naturang 600 metrong ekstensyon ng kalsada dahil ngayon ay hindi na sila nagtitiis sa malubak at batu-batong kalsada. Nakatulong din ang naturang proyekto para mapabilis ang pagluluwas ng kanilang mga produktong pang-agrikultura at mapaunlad ang kabuhayan ng kanilang mga mamamayan at ng kanilang barangay sa kabuuan.

Binigyang-diin nila na hindi nila makakalimutan ang suporta ng gobernador sa kanilang barangay na nakatulong upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang mga residente.

Sa kaugnay na balita, ang Barangay Matnog ng bayan din ng Basud ay malaki ang pagpapasalamat sa mahal na Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa pagpapadala nito ng limang (5) truckloads na *mixed aggregates* na ipinantambak sa mga lubak ng kalsada sa Purok 2 ng nasabing barangay. Matatandaang sa pamamagitan ng Barangay Resolusyon Blg. 016-08 na iminukna ni Brgy. Kgd. Nelson Jamito, humiling ang Konseho ng 10 truckloads ng mixed aggregates dahilan sa malalalim na lubak ng nasabing kalsada na nagiging dahilan ng pagkakaputol ng mulye at pagkasira ng mga *tricycle* at padyak na naghahatid sa mga mag-aaral, empleyado at nagiging problema rin ito ng mga mamamayang dumaraan doon kung kaya't, sa personal na pagpupunyagi ni Kgd. Jamito na nagpa-follow-up sa gobernador na inaksyonan naman kaagad ng huli, ang nasabing *mixed aggregate* ay napadala at naitambak na. Sa ngayon, naibsan na ng problema ang mga *commuters* sa nasabing barangay na ipinagpapasalamat nito.

Samantala, sa pamamagitan ng isang liham ay pinasalamatan naman ni PB Abner R. Bermundo ng Brgy. Cobangbang, Daet si Gob. Typoco dahil sa *medical and dental mission* na itinaguyod nito sa kanilang barangay.

"Maraming mga maysakit ang natulungan at nabigyan ng libreng gamot, at nabunutan ng ngipin", pahayag pa ni PB Bermundo sa kanyang sulat sa gobernador.

Pinasalamatan din niya ang patuloy na tulong ng gobernador sa pagpapatupad ng mga proyektong pangkaunlaran ng kanilang barangay. Ipinahayag din ni PB Bermundo na hindi malilimutan ng mga residente ng Brgy. Cobangbang ang mga ginawa ni Gob. Typoco para sa kanilang kapakanan. *LT IBASCO*

# 'Pasalubong Center' inilunsad dito



*DTI PD ERNIE PARDO*

Ilinunsad ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya *(DTI)* ang *"Pasalubong Center"* sa Bagasbas, Daet, Camarines Norte noong ika 11 ng Hulyo na nagpatingkad sa pagdiriwang ngayong taon ng *Micro Small and Medium Enterprises (MSME) Development Week*.

Ayon kay *DTI Camarines Norte Provincial Director* Ernesto Pardo, ang tema ng pagdiriwang ngayong taon simulang Hulyo 9-13, 2008 ay: ***"Sa Negosyo, Abot Kamay ang Asenso."***

Magsasagawa rin dito ng iba't-ibang aktibidad simula Hulyo 9-13 kaugnay ng naturang 1-linggong pagdiriwang.

Matatandaan na noong Miyerkules, Hulyo 9, ang *MSME Mini Trade Fair* ay pormal na binuksan sa *DTI Office* na tinampukan ng mga produkto ng mga maliliit na mamumuhunan tulad ng mga *processed foods, wine, juice at iba pa*.

Isinagawa rin ang isang *orientation on entrepreneur course* para sa mga mag-aaral ng *Camarines Norte State College (CNSC) Main Campus.*

Nagkaroon naman ng *business counseling on air n*oong Hulyo 10 na isinahimpapawid ng lokal na istasyon ng radyo sa Camarines Norte, ang *PBN-DZMD*.

Sa pamamagitan nito, binigyang-tugon ang mga katanungan ng mga tagapakinig kaugnay sa mga aspetong pangkabuhayan at mga serbisyo at tulong na makukuha sa ilalim ng programang *MSME* ng *DTI*.

Maliban sa paglulunsad sa *"Pasalubong Center"* noong Biyernes, Hulyo 11, isinagawa rin ang *costing and pricing seminar* para sa mga grupo at/o indibidwal na nagpoproseso ng gatas sa bayan ng Talisay.

Ipinahayag din ni *DTI PD* Pardo na ang *MSME* ay isa sa mga *priority flagship programs* ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo para makapagbigay ng trabaho sa mga mamamayan at maisulong ang inisyatibo ng administrasyon nito na nakatuon sa temang, *"Labanan ang Kahirapan"* lalo na sa mga kanayunan.

Samantala, ang selebrasyon ng *MSME Development Week* tuwing ikalawang linggo sa buwan ng Hulyo ng bawat taon ay isinasagawa sa buong bansa alinsunod sa *Proclamation Order 256* ng pamahalaang nasyonal. ***(RBManlangit, PIA C. Norte/LT IBASCO)***



***Ang Pasalubong Center sa Bagasbas, Daet, na itinaguyod ng Department of Trade and Industry.***

# Gob. Typoco malugod...

mga opisyal ng mga panlalawigang tanggapan at pambansang ahensya rito. Nagbigay naman ng pampasiglang bilang ang mga piling mag-aaral at guro ng *Daet Elementary School* para sa mga panauhin.

Bago nagtungo angmga *young envoys* sa *project site* sa *San Roque Day Care Center (SRDCC)*, San Roque, Mercedes *(Starbucks–UNICEF Sparkhope Project)*, nagkaroon sila ng maikling *interaction* kay Kgd. Jonah Pimemtel at nag-*courtesy call* kay Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. noong umaga ng Hulyo 23.

Isinagawa ang isang programa sa *SRDCC* bilang pagtanggap sa mga panauhin na nag-obserba rin sa mga klase sa tatlo pang (3) *day care centers* sa Mercedes, at nakipaglaro at nakipagkuwentuhan sa mga bata.

Kinahapunan, mainit naman silang tinanggap ng LGU Vinzons sa pangunguna ni Mayor Oliver Ferrer gayundin ang mga opisyal ng barangay ng Calangcawan Sur na ipinaliwanag sa mga *young envoys* ang *Infant and Young Child Feeding (IYCF) Program* at ang pagkakabuo ng *breastfeeding support group* na nagsusulong ng naturang programa. Nakausap at nakakuwentuahn din nila ang mga ina na nagpapasuso ng mga sanggol.

Dumalaw rin ang grupo noong Hulyo 24 sa ***Halfway Home for Women and Children*** sa Brgy. Bagasbas, Daet kung saan ipinaliwanag sa kanila nina Cynthia dela Cruz at Arlene Poot ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* kung paano nagsimula ang programa at ang mga serbisyong ibinibigay nito sa mga naaabusong kababaihan at kabataan dito sa lalawigan. Nakipag-usap at nakipagkuwentuhan din sila sa mga kabataang nasa *Halfway Home*.

Sa dakong hapon, dumalo naman ang mga panauhing mag-aaral sa isang oryentasyon sa tungkol sa ***Kabataan Network News (KNN)*** *program* na isinagawa sa ***Audio Visual Room, 3rd Floor, Provincial Capitol.*** Ipinaliwanag sa kanila kung paano pinipili ang mga miyembro ng KNN sa Camarines Norte at

*(Sundan sa pahina 4)*

# EDITORYAL

## PAGKAGUTOM - DALA NG KAHIRAPAN O' KATAMARAN?

Sa tuwi-tuwina at kahit saan sa ating bansa, maririnig ang hinaing tungkol sa kahirapan na sanhi diumano ng pagkakagutom ng pamilya ó ng malnutrisyon sa ating kababayan.

Subali't kung ating mamasdan ang ating paligid, marami tayong makikitang nakabuyangyang na mga lupain na hindi napagyayaman, at nagiging bulasan lamang na walang kapakínabangan – hindi tinatamnan kahit ng mga gulaying nakapagbibigay ng kailangang nutrisyon sa katawan, at makapagtatawid-gutom sa pamilya. Ang nakatutuwa sana rito, kahit ano, tumutubo, kailangan nga lamang pagyamanin ito. Nakahihiyang isipin na talbos-kamote na lamang, bibili pa sa palengke, samantalang maaaring itanim ito sa tabi ng bahay ó tabi ng kalsada. Minsan, nagkaroon ang Camarines Norte ng mga dayuhang bisita, na nagpahayag ng kanilang paghanga sa mga naglalakihang puno at mga luntiang pananim sa ating lalawigan. Inihambing nila sa kanilang mga bansa na walang gaanong pananim sapagka't kung hindi disyerto ito, may yelo. Subali't sa kabila ng mga problemang ito sa lupa at panahon, natutunan nilang gawan ng kaparaanan upang malutas ang problema sa pagkain.

Kaugnay ng pagdiriwang ng buwan ng nutrisyon, muli po tayong magmasid kung ano ang ginagawa ng karamihan sa ating mga kababayan dito sa ating bansa. Kung hindi tulog pa samantalang tanghali na, nagsusugal ó nakikipag-inuman, nag-iistambay at nakikipagkuwentuhan, samantalang sa kanilang harapan, maaaring makapagtanim ng gulay. Subali't ang tumutubo rito ay damuhan, samantalang sa kanilang bahay – ang mga anak kung hindi man naghahanap-buhay, ay nagugutom. Sobrang libangan, bisyo at pagkamateryalismo, pagkápala-asa sa kapwâ at sa gobyerno – nawawala ang tuon ó pansin sa mga gawaing kapaki-pakinabang at makapagpapaunlad sa sarili.


Kailan pa kaya natin mapagtatantô ang sariling pagkukulang? Na ang kasuklam-suklam na gawî natin ay KATAMARAN na siyang UGAT ng PAGKAGUTOM at KAHIRAPAN. Na hindi natin maisisising lahat ito sa pamahalaan at basta sisigaw na lamang tayo ng pagbabago. Bagkus, dapat muna nating suriin ay ang ating sarili. Kung bawa't isa ay magbabago, walang imposible sa mundo. Wika nga ng dakilang bayani ng India na si Mahatma Gandhi: "***You are the change you wish in this world!***" Sa ating sarili dapat munang magsimula ang pagbabago! Kaya ba natin ito?

# Re-Orientation on 'Mamamayan Muna Hindi Mamaya Na' Assistance Center

Isinagawa kamakailan sa *Audio Visual Room, 3rd Floor, Provincial Capitol Annex* ang *Re-Orientation on Mamamayan Muna Hindi Mamaya Na (Public Assistance Counter o PAC)* para sa mga kawani ng pamahalaang panlalawigan na nakatalagang magserbisyo bilang mga *"Officers of the Day"*.

Ito ay bilang tugon sa rekomendasyon ng mga puno ng tanggapan sa ginanap na *validation meeting* tungkol sa *State of Local Governance Report* ng probinsya kung saan isa sa mga tinukoy na simbolo sa epektibong paglilingkod sa publiko ay ang paglalagay ng lugar kung saan puwedeng makapagtanong at makakuha ng impormasyon ang publiko.

Dahil dito, isinagawa ng *Human Resource Management Division (HRMD)* ang naturang *re-orientation* susog sa *memorandum* na ipinalabas ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr. sa layuning maayos na maipatupad ang pagbibigay-serbisyo sa publiko sa pamamagitan ng *PAC* na nasa ilalim ng *"Mamamayan Muna Program"*.






*Ang pagpupulong ng Child Protection Network laban sa Trafficking na kinabibilangan ng mga social workers sa 12 bayan ng Camarines Norte, women and children protection division ng PNP, mga NGOs, DOLE at itinaguyod ng PACT sa pangunguna ni Purita Briñas, CAO IV/Luzon Regional Convenor at dinaluhan din ni PSWDO Lorna C. de Claro .*

Sinimulan ang nasabing gawain sa pamamagitan ng panalangin na kaagad sinundan ng pagbibigay ng *overview* ng aktibidad ni G. Edilberto C. Baraquiel, *Human Resource Management Officer IV, HRMD-Office of the Governor*, kung saan isa-isa niyang ipinaliwanag ang mga sumusunod na layunin sa paglalagay ng *PAC*:

1) Pagpapatatag sa magalang at mabilis na serbisyo sa publiko bilang pamantayan ng huwarang asal ng lahat ng nanunungkulan sa pamahalaan

2) Pagbibigay ng agarang pagkilala sa mga empleyado sa kanilang magalang at mabilis na pagtugon o paghahatid-serbisyo;

3) Paglalaan sa publiko ng isang mekanismo na magtutuwid o tutugon sa hinaing nito laban sa mga walang-galang at mga tiwaling empleyado sa mga ahensiya ng pamahalaan, at;

4) Mapatigil ang patuloy na serye ng *frustration* at *dissatisfaction* sa pagbibigay ng serbisyo sa publiko, at panatilihin ang kanilang tiwala sa pamahalaang.

Naging panauhin at tagapagsalita rito si Ms. Elizabeth B. Mateo, *Director II* ng *Civil Service Commission Field Office (CSCFO)* na detalyadong ipinaliwanag sa mga empleyadong itatalaga ang mga alituntunin ng *PAC* partikular na ang kanilang tungkulin na iparating ang tamang impormasyon sa publiko.

Nagtapos ang *re-orientation* sa pamamagitan ng isang *open forum* kung saan tinalakay ang mga sumusunod na mungkahi ng mga dumalo gayundin ang mga paalaala sa kanila:

1)Ang pagsumite ng *travel order* sa *HRMD* bago ang pagbiyahe o pagdalo sa mga pagsasanay na may kasalukuyang *standing memorandum order* kasama na ang muling pagpapaalala sa pagsumite ng sertipiko ng pagdalo sa

*Sundan sa pahina 9*

# Gob. Typoco malugod...

**(Mula sa pahina 3)**

ipinapanood sa kanila ang ilang piling *TV productions* ng KNN Camarines Norte na naipalabas na sa *national television*. Nagkaroon din sila ng masayang *interaction* sa mga miyembro ng *KNN* dito.

Isinagawa naman noong umaga ng Hulyo 25 ang isang *exit conference* kung saan ibinahagi ng mga *young envoys* ang kanilang mga impresyon, mga natutunan at mga karanasan sa loob ng 4 na araw na pagdalaw nila sa lalawigan. Nagtungo rin sila sa Museo Bulawan ng Kapitolyo Probinsyal kung saan nakilala nila ang kasaysayan at mamamayan ng lalawigan. Pinasalamatan nila ang mga opisyal ng Pamahalaang Panlalawigan at ang *CPC 6 Provincial Technical Working Group* dahil sa mainit na pagtanggap sa ginawang pagbisita nila sa lalawigan lalo't higit kay Gob. Typoco, Jr. ***(Marilyn P. Asis/Elena B. Austria)***

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL
BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Luigi Martin P. Querubin, official photographer; Wilson V. Porcincula, art/ design .

***REPORTERS:*** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Mari-vic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports– Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health— Milave L. Schneider

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho; PEO-Geremias Ibana; PPDO-Amelia Lopez, Dina G. Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache, Darius Mirasol; PBO-Estela P. Adorna; PCSSDD-Caneth A. Idioma; SP-Josephine Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa A. Augusto; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism -Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# Mga piling larawan











*1) Iniaabot ni Gob Jesus O. Typoco, Jr. ang tsekeng nagkakahalagang P100,000.00 kay TESDA PD Elizabeth L. Bornas bilang financial assistance sa Technical Vocational Education & Training (TVET) ng nasabing tanggapan kasama niya dito ang kanyang staff at si Atty. Jose Atienza, Provincial Legal Officer at TESDA permanent representative ng gobernador; 2) Ang mga evaluators ng Child Friendly School System (CFSS) mula sa UNICEF na sina Ma. Lourdes Devera-Mateo UNICEF Head for Education at Luke Shors ng AIRS ang kinumisyon ng UNICEF para mag-evaluate kasama ang Provincial Technical Working Group (PTWG) ng 6th Country Program for Children dito sa lalawigan sa pangunguna ni Arch. Madonna Abular PPD Coordinator, SP Members Romeo Marmol, Teresita Malubay at DepEd CN Division Staff sa pangunguna ni Div. Supt. Elizabeth Palo at SP Member Jonah G. Pimentel nang sila ay dumalo sa inihandang salo-salo ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. para sa mga young envoys at UNICEF evaluators; 3) Ang mga UNICEF Young Envoys mula sa Hong Kong sa isang interaction sa ilan sa mga guro ng Batobalani Elementary School kung saan sila ay bumisita bilang bahagi ng kanilang itinerary dito sa lalawigan; 4) Si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. habang pinanonood ng mga Young Envoys sa isang widescreen presentation sa loob ng kapitolyo nang nagbigay ng welcome dinner ang gobernador para sa kanila; 5) Ang mga mag-aaral mula sa Divine Word College ng Calapan, Oriental Mindoro na may kursong Tourism at Hotel and Restaurant Management nang sila ay bumisita sa lalawigan at sa tanggapan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. bilang bahagi ng kanilang tour dito sa Camarines Norte.*



# NDC Month celeb dito pinangunahan ng pamahalaang panlalawigan



*G. Arnel Ferrer*
*Chief, PSEMO-GO*

Sa pamamagitan ng *Provincial Disaster Coordinating Council (PDCC),* pinangunahang muli ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang selebrasyon dito ng *National Disaster Consciousness Month (NDCM)* na may temang, "Pag-Alerto, Malayo sa Peligro".

Isa sa mga aktibidad na isinagawa kaugnay nito ay ang pagsasabit ng istremer ng lahat na miyembro, kinauukulang ahensya, *non-government organizations (NGOs)* at *stakeholders* sa mga lugar na madaling makita *simula Hulyo 1-31, 2008* .

Magkaalinsabay ring isinagawa ng lahat na miyembro ng *PDCC* ang *fire* at *earthquake drill* sa ika-9 n.u. ng Hulyo 11 na pinangasiwaan ng *Bureau of Fire Protection (BFP).*

Pinangunahan naman ng *Department of Public Works and Highways (DPWH)* dito ang pag-*trim* ng mga puno sa kahabaan ng pambansang lansangan

Nagkaroon din ng *radio hopping* sa mga istasyon ng radyo rito na pinamunuan ng *Philippine Information Agency (PIA)* dito. Layunin nito na mas mapaigting at mapalawak ang pagpapaabot ng mga angkop na impormasyon at kaalaman sa mga mamamayan patungkol sa mga paghahandang dapat nilang gawin bago ang pagda-ting at habang may kalamidad, at mga dapat gawin pagkatapos ng mga sakuna o kalamidad.

Inaasahan na sa pamamagitan nito ay mabawasan hindi man lubusang makaiwas sa mga panganib na dulot ng mga kalamidad na dulot ng kalikasan tulad ng baha, lindol, pagguho ng lupa, atbp. gayundin ang mga sakuna na kagagawan ng mga tao tulad ng sunog, aksidente sa sasakyan, paglubog ng mga sasakyang pandagat, at mga kahalintulad nito.

Nagsagawa rin ng *bloodletting activity* na pinamahalaan ng *Philippine National Red Cross-Camarines Norte Chapter.*

Samantala, iniatas ng gobernador ang naturang 1-buwang selebrasyon dito sa pamamagitan ng *Executive Order No. 2008-15* na ipinalabas nito kamakailan susog na rin sa *Executive Order No. 137* may petsang Agosto 10, 1999 ng pamahalaang nasyonal na nagdeklara sa buwan ng Hulyo bilang *NDCM.*

Nakasaad din sa naturang kaatasan na maaaring magsagawa ng iba't-ibang aktibidad ang mga pamahalaang lokal, pambansang ahensya at NGOs na nakabase sa lalawigan.

Kaugnay nito, nagsagawa ng *tsunami evacuation drill* ang bayan ng Mercedes na nilahukan ng mga residente sa Brgy. 7. Layunin nito na magkaroon ng kaukulang kaalaman at kasanayan ang mga residente ukol sa mga paghahanda at mga dapat nilang gawin upang mailigtas ang kanilang sarili sakaling magkaroon ng *tsunami.*

Itinaguyod ito ng pamahalaang bayan ng Mercedes noong Hulyo 29, 2008 sa pakikipagtulungan ng *Philippine National Police (PNP), Philippine Army (PA), Philippine National Red Cross (PNRC),* KABALIKAT, mga Barangay Tanod, *Municipal Disaster Coordi-*

*(Sundan sa pahina 9)*

# Fair market values ng real properties sa CNorte para sa CY 2009-2011 ipatutupad

Naaprobahan kamakailan ang bagong *schedule* (listahan/talaan) ng *fair market values (FMV)* para sa iba't-ibang uri ng *real properties* sa lalawigan ng Camarines Norte para sa CY 2009-2011 sa bisa ng Sangguniang Panlalawigan (SP) Resolusyon 169-2008 na iniakda ni Bokal Jonah G. Pimentel at ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 13-2008.

Ang pagpapalabas ng naturang *FMV* ay alinsunod sa itinatakda ng *Local Government Code (LGC) of 1991* partikular ang *Section 19* nito na nag-aatas sa mga panlalawigan, panlungsod o pambayang tasador *(provincial, city or municipal assessor)* na magsagawa ng *general revision* ng *real property assessment,* sa loob ng 2 taon matapos magkabisa ang *LGC* at tuwing ika-tatlong (3) taon pagkatapos.

Susog naman sa *Section 12* nito, bago isagawa ang anumang *general revision* ng *property assessment*, ang *schedule* ng *FMV* ay kailangang naihanda na ng panlalawigan, panlungsod at pambayang tasador *sa* kani-kanilang saklaw ng lugar para sa iba't-ibang uri ng *real property* sa kani-kanilang kinauukulang *local government units (LGUs)* para sa pagpatibay ng ordinansa ng kinauukulang sanggunian.

Ang *Schedule* of *Fair Market Values* ng iba't-ibang *real property* ng Camarines Norte para sa CY 2009-2011 kaugnay sa pagsasagawa rito sa Camarines Norte ng *General Revision of Real Property Assessment and Classification* na itinakdang simulan noong Enero 2008 ay isinumite kamakailan sa Sangguniang Panlalawigan (SP) ng Panlalawigang Tasador *(Provincial Assessor)* para sa angkop na lehislasyon.



*MS. ANNABEL DEFEO*
*Panlalawigang Tasador*

Makikita sa panukalang iskedyul na makakukuha ng karagdagang kita ang lalawigan partikular na sa *real property tax:* pang-agrikultural – 9.59%, residensyal – 18.09% at pang-komersyal/industriyal - 28.23%.

Sa miting na isinagawa kasama ang mga Sangguniang Bayan (SB) *Chairmen* ng *Committee on Ways and Means* ng 12 munisipalidad sa lalawigan, tinukoy sa miting at binigyang-konsiderasyon ang kasalukuyang kalagayang pang-ekonomiya, kakayahang magbayad at iba pang bagay na nakaaapekto sa interes ng mga nagbabayad ng buwis *(taxpayers).* ***LT IBASCO***

# Abueva ng Asia ACTs ginawaran ng William Wilberforce Leadership Award

Isang Pilipina ang napili ngayong taong 2008 na tumanggap ng *William Wilberforce Leadership Award* sa kanyang nagawang pagtinag sa mga pangunahing institusyon, mga pamahalaan, mga nagnenegosyo o malalaking grupo ng mga tao, tungo sa isang napakahalaga at makabuluhang pagkilos upang labanan ang pang-aalipin.

Siya ay si Amihan V. Abueva, *Regional Coordinator* ng *Asia Against Child Trafficking (Asia ACTs),* samahang nagsusulong sa pagkilos sa buong Southeast Asia para sa pagbibigay-proteksyon sa mga kabataan laban sa *trafficking.* Ilan lang sa sukatan sa pagkakapili sa kanya ay ang kanyang naipamalas na pamumuno upang maitatag at mapalakas ang kakayahan ng mga komunidad na angkinin at ipakipaglaban ang kanilang mga karapatan at tutulan ang mga pang-aalipin; ang makalikha ng mga bago at mabisang pamamaraan upang mapaglabanan ang pang-aalipin, lakas ng loob at tapang, at pagpupumilit na mapaglabanan ang mga balakid sa pag-unlad ng kampanya laban sa pang-aalipin o di kaya ay mapaglabanan ang ganti ng mga mapang-alipin at mga kakampi nito.



**Ms. Amihan V. Abueva**
**Asia ACTs Reg'l Coordinator**

Bilang gantimpala, si Abueva, na makailang ulit ding nakapagbigay ng mga pagsasanay sa Camarines Norte, ay tatanggap ng $10,000 bilang pabuya sa loob ng dalawang taon na magagamit niya kung saan niya naisin na mas makabubuti.

Samantala, ang *William Wilberforce Leadership Award* ay hango sa pangalan ng isang *English parliamentarian* ó mambabatas na nagpasimuno noong taong 1807 sa kampanya na nagtagal ng 15 taong pagsusumikap upang itadhana na labag sa batas ang pangangalakal ng mga alipin sa Britanya. Ang pamumuno ni Wilberforce ang nagbigay-daan sa pagkakatanggal ng pang-aalipin sa buong *British Empire* noong 1833, at nagbigay-inspirasyon sa iba pang mga bayani ng *US abolitionist movement* .

Kaugnay nito, ang *Philippine Against Child Trafficking (PACT) Camarines Norte-Iriga City Cluster*, na isang *network* ng mga *child advocates* laban sa pang-aalipin sa mga kabataan, ay nagpaparating ng marubdob na pagbati kay Bb. Amihan V. Abueva na tunay na karapat-dapat sa karangalang pormal niyang tatanggapin ngayong Septyembre 2008 sa Estados Unidos na ipagkakaloob ng *Free Slave USA.*

Samantala si Ms. Abueva ay anak ng *national artist* na si Napoleon Abueva. *sn*

# PAFC-CN nat'l. awardee sa 2008 Gawad Saka



G. Benjamin Dimaano
PAFC Chairman

Pinarangalan kamakailan ang *Provincial Agricultural and Fishery Council (PAFC) Camarines Norte* bilang *national awardee* sa isinagawang *2008 Gawad Saka Search for Outstanding Achievers in Agriculture and Fisheries* ngayong taon.

Kasama nitong bibigyan ng gawad-parangal ang iba pang *individual achievers* mula *sa Rehyong Bikol tulad nina Rosita O. Naje ng Brgy. Burabod, Castilla, Sorsogon at Juboken Enterprises Inc. ng Gapo, Camalig, Albay.*

Tatanggapin ni *PAFC Chairman* Benjamin C. Dimaano ang *project grant* na nagkakahalaga ng P250,000.00, *presidential trophy* at *citation* bilang premyo mula sa *National Agricultural and Fishery Council (NAFC).*

Nakuha ng *PAFC-CN* ang atensyon ng *national evaluators* na kinabibilangan nina Dr. Romeo S. Recide ng *Bureau of Agricultural Statistics (BAS)*, Marcia Lanuza ng *Livelihood Development Council (LDC)*, Cristina Parado ng BAS at Cesar V. Calleja ng *BAS-RV* nang ang naturang grupo ay magsagawa ng 2-araw na interbyu at *project visitation* dito sa Camarines Norte noong Mayo 21-22, 2008.

Ang naging malaking puntos ng PAFC sa naturang patimpalak ay ang matibay nitong relasyon sa mga *local government units (LGUs)*, akademya at pambansang ahensya. Kasama na rito ang malawakang kampanya sa pamamagitan ng programa nito sa radyo na ***"Unlad Kabuhayan, Magandang Kinabukasan"*** at ***"Ginintuang Masaganang Ani (GMA) On-the-Air"*** na isinasahimpapawid ng Radyo ng Bayan Camarines Norte.

Nagpapalabas din ito ng mga artikulo ukol sa mga gawain at programa ng PAFC na nakaaabot sa mga malalayong barangay sa lalawigan sa pamamagitan ng Batingaw, ang opisyal na publikasyon ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.

Aktibo rin ang siyam (9) na *sectoral committees* nito na nagpapatupad ng mga mahahalagang proyekto na isinusulong ang mga pangunahing programang isinasagawa sa ilalim ng *GMA*.

Tinulungan din ng *PAFC-CN* ang mga organisadong grupo ng mga kababaihan at kooperatiba dito na pinautang nito mula sa pondo ng *Livelihood Enchancement for Agricultural Development (LEAD)*.

Iniendorso rin ng *PAFC- CN* ang maraming bilang ng mga kabataang magsasaka *(farm youth)* na nabigyan ng pagkakataon na makapagsanay ukol sa mga modernong pamamaraan ng pagsasaka sa mga bansang *Japan* at *Hawaii.*

Kaugnay nito, nagkaloob ng pundo ang pamahalaang panlalawigan para sa kanilang *honoraria* at *operational expenses* sapagkat nakita ng pamahalaang panlalawigan ang kahandaan ng mga miyembro nito bilang aktibong katulong sa paglilingkod sa iba't-ibang sektor na tagapagsulong ng mga programang pang-agrikultura at pampangisdaan nito.

Bilang karagdagan, inilaan din ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. ang isang lugar sa *3rd floor* ng Kapitolyo Probinsyal bilang tanggapan ng *PAFC* para agad matugunan ng mga *designated officer of the day* nito ang pangangailangan ng kanilang mga kliyente.

Sa ika-21 taon ng PAFC, patuloy nitong isusulong ang *spirit of volunteerism* ng mga pribadong sektor gayundin ang malawakang pagkakaisa at pakikipag-ugnayan sa mga lokal at pambansang ahensya. ***MELINDA L. JEREZ/lt***

## ERRATUM

***Nais po naming ipaabot sa mga kinauukulan na ang posisyong Admin. Asst. II (Clerk IV) na may Item No. 2024 ay di sinasadyang nailathala bilang Item No. 1024; samantalang ang Messenger (Admin. Aide III-Clerk-1) na may Item No. 5518 ay nailathala naman bilang Item No. 5516 sa pahina 6 ng pahayagang ito na inilimbag noong Hunyo 2008.***

***Hinihingi po namin ang inyong pang-unawa sa pangyayaring ito.***

***PATNUGUTAN***

# List of Vacant Positions, Provl. Govt. of Camarines Norte

| Position Title | Item No. | Salary Grade | Date Vacated | Level | Place of Assignment | Education | Experience | Qualification /Requirement | | Other Requirements |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | Training | Eligibility | |
| Agricultural Technologist | 9537 | 10 | | 2 | Office of the Provincial Agriculturist | Bachelor's degree relevant to the job | None required | None required | CS Professional | |
| Agricultural Technologist | 9539 | 10 | | 2 | Office of the Provincial Agriculturist | Bachelor's degree relevant to the job | None required | None required | CS Professional | |
| Agricultural Technologist | 9540 | 10 | | 2 | Office of the Provincial Agriculturist | Bachelor's degree relevant to the job | None required | None required | CS Professional | |
| Security Guard III | 1050 | 8 | | 1 | PCSSD | High School Graduate | One (1) year of relevant experience | Four (4) hours of relevant training | Security Guard License (MC 11, s. Cat. 11) | |
| Utility Worker II (casual) | | 3 | | 1 | PGCN | None required | None required | None required | None required | |
| Security Guard I (casual | | | | 1 | PCSSD | High School Graduate | None required | None required | Sec. Guard License | |
| 1– Utility Foreman (casual) | | 6 | | 1 | PGCN | Elem. School Grad. | None required | None required | None required | |
| 1- Photographer I (casual) | | 5 | | 1 | PGCN | High School Grad. | None required | None required | None required | |
| 10-Utility Worker II (casual) | | 3 | | 1 | PGCN | Must be able to read and write | None required | None required | None required | |
| 6– Utility Worker I (casual) | | 1 | | 1 | PGCN | -do- | None required | None required | None required | |
| 5– Driver I (casual) | | 3 | | 1 | PGCN | Elem. School Grad. | None required | None required | Driver License | |
| 4– Clerk I (casual) | | 3 | | 1 | PGCN | Completion of two years studies in college | None required | None required | C.S. Sub-professional | |
| 4– Messenger (casual) | | 2 | | 1 | PGCN | Elem. School Grad. | None required | None required | None required | |
| 1—Tourism Operation Asst. (casual) | | 7 | | 1 | PGCN | Completion of two years studies in college | None required | None required | C.S. Sub-professional | |
| 1– Data Controller (casual) | | 6 | | 1 | PGCN | Completion of two years in college or High School Grad. w/ relevant vocational/trade course | None required | None required | Data Encoder | |
| 12– Security Guard (casual) | | 3 | | 1 | PGCN | High School Grad. | None required | None required | Sec. Guard License | |
| 1—Ticket Checker (casual) | | 3 | | 1 | PGCN | High School Grad. | None required | None required | None required | |
| 2– Nursing Attendant (casual) | | 4 | | 1 | PGCN | Elem. School Grad. | None required | None required | None required | |

***SGD) EDILBERTO C. BARAQUIEL, HRMO IV***

# "Sa Wastong Nutrisyon ni Mommy, Siguradong Healthy si Baby"

Ang pagbubuntis ay nagdadala ng panganib sa ina at sa sanggol na nasa sinapupunan, ayon sa datos ng *Food and Nutrition Research Institute-Department of Science and Technology (FNRI-DOST).*

Kaugnay nito, tinatayang 30,500 hanggang 50,000 mga ina sa buong mundo, ang namamatay dahil sa panganganak. Sa 4 milyong mga sanggol naman na wala pang isang buwan ang edad, 300,000 mga sanggol ang namamatay sa unang araw pa lamang ng pagkakapanganak. Umaabot naman sa 107.1 mga ina sa Pilipinas ang namamatay sa bawat 100,000 sanggol na buhay na ipinanganak *(live birth,)* samantalang 30 mga sanggol ang namamatay sa bawat 1,000 buhay na ipinanganak *(live birth).*

Ilan sa mga pangunahing sanhi ng pagkamatay dahil sa panganganak *(maternal death)* ay ang mga sumusunod: 1) kumplikasyon kaugnay sa pagbubuntis na lumalabas sa oras ng *labor, delivery* at *puerperium*; 2) *hypertension*; 3) pagdurugo pagkapanganak; at 4) pagbubuntis na hindi natuloy o naagas. Ang kamatayan pagkapanganak ay sanhi ng *pre-term birth* at *asphyxia*, malalang impeksyon *(severe infection)* na karaniwang *pneumonia* at *diarrheal disease* at *neonatal tetanus*. Kabilang din dito ang pagiging sakitin at kawalan ng wastong nutrisyon ng mga ina gayundin ang kawalan ng angkop na pangangalaga bago magdalantao, habang buntis at pagkapanganak nila.

Upang mabawasan, hindi man tuluyang matigil ang insidente ng pagkamatay ng mga nagdadalantao at sanggol sa kanilang sinapupunan, ang selebrasyon ng *34th Nutrition Month* ngayong taon ay nakatuon sa temang: ***"Sa Wastong Nutrisyon ni Mommy, Siguradong Healthy si Baby".***

Binibigyang-diin nito na ang maayos na kalusugan at wastong nutrisyon ng mga nagdadalantao at magdadalantao pa lamang ay mahalaga para maging malusog ang kanilang isisilang. Nakapaloob din ito sa *Millennium Development Goal 5* na layuning maibaba sa tatlong-kapat na bahagdan (3/4) ang bilang ng mga inang namamatay dahil sa panganganak *(maternal mortaliy).*

Base sa mga pag-aaral, ang mga kababaehan na may wastong nutrisyon bago at habang nagdadalantao ay mas malaki ang tsansa na magkaroon ng normal na pagbubuntis at panganganak ng isang malusog na sanggol, malayo sa mga kumplikasyon, maiksi ang oras nang panganganak mas konti ang pagdurugo, normal ang laki, timbang at pa-ngangatawan ng kanilang isisilang at malaki ang tsansang maka-*survive*, at higit sa lahat magkakaroon sila ng mas maraming gatas na maipasususo nila sa kanilang sanggol simula pagkapanganak hanggang dalawang taon.

Matatandaan na marubdob na isinusulong ng *Department of Health (DOH)* ang malawakang pagpapatupad sa buong Pilipinas sa *Executive Order* 51 na mas kilala bilang *Milk Code* kung saan binibigyang-diin nito na walang makakatumbas sa sustansya ng gatas ng ina at walang anumang produktong gatas na maaaring ihalili rito. Ito rin ay kinatigan ng Korte Suprema kamakailan kung saan sinuportahan nito ang karapatan ng Estado na protektahan ang kalusugan ng mga mamamayan nito sa pamamagitan ng pagkontrol nito sa promosyon at pagbebenta ng mga gatas para sa mga sanggol *(infant formulas)* at iba pang produktong pamalit sa gatas *(milk substitute products).*

Samantala, ang inang kulang sa wastong nutrisyon ay karaniwang mas mahirap at kumplikado ang panganganak at maaaring magkaroon ng kumplikasyon tulad ng *severe hemorrhage, infection of the uterus at urinary tract infection (UTI), high blood pressure at abscesses of the breasts.*

Sila ay karaniwang nagsisilang ng sanggol na kulang sa timbang, may diperensya sa isip at katawan, madalas magkasipon, magtae at maaaring magkaroon ng impeksyon, *bronchitis* at *pneumonia*, at maaaring magkakombulsyon at mauwi sa kanilang biglaan at maagang pagkamatay.

Kaugnay nito, ipinahayag kamakailan ni *Provincial Nutrition Action Officer* Mercedes Juan na kung ano ang kalagayang pangnutrisyon at pangkalusugan ng mga nagdadalantao ay gayundin ang sanggol sa kanilang sinapupunan. Idinagdag pa nito na ang ipinanganak na *malnourished* ay maaaring magkaanak din ng *malnourished* at madala niya ito sa kanyang paglaki, pagbubuntis (kung lalaki) at hanggang sa kanyang pagtanda.

Hinikayat din niya ang mga ina na pasusuhin ang kanilang mga anak lalo na 'yong mga kulang sa wasto at sapat nanutrisyon *(malnourished)* sapagkat walang anumang produktong gatas ang makahihigit o makapapantay man lang sa sustansya ng gatas ng ina. Ipinaalaala rin niya na kailangan kumain ng masusustansyang pagkain ang mga ina sapagkat nakasalalay rito ang kalidad ng gatas na maibibigay nila sa mga



*Ilan din sa mga naka-interaction ng mga UNICEF Young Envoys ay ang mga Kabihug mula sa bayan ng Paracale. Tinuruan din sila ng mga Brgy Health Workers sa pagpapatak ng Vitamin A sa mga sanggol ng mga Kabihug.*

# Mensahe ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr....

Sa lahat po ng mga bisitang kasama natin ngayon sa paglulunsad ng pinakabagong *extension project* ng *Camarines Norte State College*, ang *CNSC Technology and Livelihood Center*, sa pamunuan ng CNSC sa pangunguna ni Dr. Wenifredo Onate, mga guro, mga mag-aaral, mga kaibigan, magandang umaga po sa inyong lahat!

Una po sa lahat ay nais kong papurihan ang *Camarines Norte State College for coming up with this Technology and Livelihood Training Center. As the CNSC carries on its mandate of education, research and extension, this center can cater to the needs of the different sectors of our society - students, private groups and individual and the government sector.*

Sa panahon ngayon, nakikita ko na ang higit na kailangan ng mga tao ay ang pangkabuhayan. Kailangan ng mga tao ang kabuhayan upang makasabay sa mabilis na pagtaas ng mga gastusin mula sa gasolina, pagkain, mga *social services* tulad ng pag-aaral, pagpapagamot ó pagpapabahay.

*In these situations, people need to maximize their effort to earn an income. Even regular workers cannot just relax and depend on their salaries or wages. Every member has to contribute to the family income for them to live a decent life. For these family members to have various options, this technology and livelihood center can provide the idea and appropriate technical background that can be nurtured or trained for the interested individuals to benefit.*

*After this launching program, I would be expecting that this facility will be functional and accessible to all users. I know how CNSC implements and manages its projects* - mabilis, *developmental and progressive.*

Malayo na ang narating ng *CNSC, literally and figuratively. You have your campus to as far as Sta. Elena, and you have proven your best by producing quality graduates and board topnotchers.*

*Keep up the good work, more power to the management and to all those who have been working closely with this institution. You can consider the Provincial Government as your partner in your undertakings.*

Muli, isang magandang umaga sa inyong lahat!

## Salamat Gob HELP column

## Personal na Tulong-Pinansyal ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

| | | | |
|---|---|---|---|
| June | 27 | Jeffrey C. Perida of "Marietta Band" for the Screening of Redhorse Musiklaban Year 10 | P1,000.00 |
| | | Linda A. Ross, President of Nuestra Sra de Antipolo Pastoral Council of Brgy. Pamorangon, Daet for the decoration of their chapel in connection with their fiesta celebration. | 500.00 |
| July | 11 | Randy Mago, SK of Brgy. Bakiad, Labo for a Basketball Tournament | 1,000.00 |
| | | Christopher Asis of Brgy. Sabang, Vinzons for their beer plaza activity | 1,000.00 |
| | | Sarah Mae Reambillo, Secretary of Supreme Government for the Search for Mr. & Miss Intrams 2008 at San Lorenzo Ruiz National High School | 500.00 |
| | 16 | Winston Gonzales of "Ilaod Lakers Team" of Brgy. I, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | Sunshine Verin of Microsystem Institute of Technology (1st Year) for her payment of boarding house rental | 500.00 |
| | 23 | Samson L. Balce of Brgy. Sto. Domingo for the Billiard Tournament | 500.00 |
| | | Olivia Bernardo of Pandan Elementary School for the repair of their school stage | 2,000.00 |
| | | Angela P. Caparas, student of Caring Campus, Basud National High School for the 3rd YECS Entrepreneurship Training and Commerce (Teen Negosyo) at Baguio City | 1,000.00 |
| | 25 | Miguel de Alba of CNSC, Labo High School for the 3rd YECS Entrepreneurship Training and Conference at Baguio City | 2,000.00 |
| | 28 | Rodel Babagay of PADTODA Movers Team of Brgy. Mancruz, Daet for a basketball tournament | 1,000.00 |
| | | Ricky Sureta, Team Captain of St. Anthony Team of Brgy. I, Daet for a basketball tournament | 500.00 |
| | | | P12,000.00 |

# Re-Orientation on ...

(Mula sa pahina 4)

*HRM Officer IV* bilang isang polisiya;

2) Iminungkahi ng mga dumalo ang pagsumite ng bawat tanggapan ng kani-kanilang aktibidad sa *HRMD* para sa kaalaman at gabay ng mga maitatalagang *officers of the day* para maipaabot agad ang tamang impormasyon sa publikong humihingi ng serbisyo; at

3) Iminungkahi rin ang pag*re-activate* ng *telephone trunkline services* sa lahat na mga tanggapan ng pamahalaang panlalawigan para sa mas mabilis na komunikasyon at koordinasyon.

Binigyang-diin naman ni Dir. Mateo ang kahalagahan ng pagkakaroon ng iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan ng *workflow charts* at *service pledges under the Presidential mandate.* Nabatid niya mula sa mga dumalo na may mga nakapaskil o nakalagay na ito sa mga tanggapan dito.

Idinagdag pa ni Dir. Mateo na ito ay isang mabisang paraan o gabay para sa mabilis na pagtugon sa serbisyong kailangan ng publiko at ito ay patuloy at regular na susubaybayan ng CSC alinsunod sa *Memorandum Circular No. 35, S. 2003* na ipinalabas ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas.

Matatandaan din na ang implementasyon ng *Public Assistance Counter (PAC)* sa Pamahalaang Panlalawigan ay nagsimula noon pang taong 2000 bilang pagtalima sa *CSC MC No.3, S. 1994* na hanggang sa kasalukuyan ay ipinag-uutos na ipagpatuloy, gawing makahulugan at kapakipakinabang hindi lamang para sa kapakanan ng mga mamamayang humihingi ng serbisyo sa mga kinauukulang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan kundi maging sa lahat na mga pambansang ahensya at tanggapan sa bansa.

***NANCY U. HERNANDEZ***

# PBDTFCT pinapurihan ...

(Mula sa pahina 10)

ng bayan ng Capalonga ang *Provincial Bantay-Dagat Task Force Composite Team (PBDTFCT)* na kahit sa maikling panahon ay nakahuli sila ng nagsisensuro na isa sa pinakamalalang uri ng iligal na pangingisda sa karagatan ng naturang bayan.

Idinagdag pa ng *MFARMC* na ang *PBDTFCT* na pinamumunuan ni *Team Leader* Eddie Dy Espiritu ay aktibong tumutulong sa paghikayat sa mga mangingisda sa naturang bayan na tigilan na ang mga iligal na paraan ng pangingisda tulad ng paggamit ng *cyanide*, paputok, buli-buli, sensuro at iba pa. Ang *task force* ay dumalo sa *consultative-dialogue* kasama ang mga mangingisda sa Brgy. Sabang, Capalonga kung saan ipinaliwanag sa mga kinauukulan na ipinagbabawal ang paggamit ng sensuro sapagkat nilalabag nito ang *Section 90 (Use of Active Gear in Municipal Water)* ng *RA 8550* na mas kilala bilang *The Philippine Fisheries Code of 1998* at ang *Section 19* ng *Municipal Ordinance No. 4 s. 2000* na nagbabawal sa naturang iligal na gawain.

Matatandaan na noon lamang Mayo 2 ay nagsagawa ng *follow-up operation* ang *PBDTFCT* kung saan naaresto ang isang nagngangalang Arsenio *(Boy)* Oliva, *master fisherman/in-charge* sa operasyon ng sinsoro sa *marine reserve* ng Brgy. Camagsaan, Capalonga. Ang suspek ay sinampahan ng kaukulang kaso sa RTC Daet noong Mayo 6, 2008.

Samantala, kinilala rin ng *MFARCMC* ang masugid na panghuhuli ng *task force* sa mga iligal na mangingisda gayundin ang aktibong partisipasyon dito nina Rolando Tiam ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR)* at Manuel V. Orit Jr. mula sa *Maritime Command*.

Matatandaan na noong Marso 26 lamang ay apat (4) na grupo ang inaresto ng *PBDTFCT* dahil sa iligal na pangingisda; 2 sa bahagi ng karagatan ng bayan ng Vinzons at tig-isa sa mga bayan ng Paracale at Jose Panganiban na pawang lumabag sa kinauukulang probisyon (seksyon) ng *RA 8550*.

Nasabat at nahuli nito ang *F/B Jeric* na may lulang 16 na mangingisda na lumabag sa *Sec. 86* at linabag naman ng may-ari at opereytor nito na si Pedro Rivero ng Vinzons ang *Section 104.* Hinuli naman ang isang bangkang pangisda na may pinturang kulay puti, itim at pula dahil sa paglabag sa Sec. 88 *(cyanide fishing)* na may gamit na *compressor* na paglabag naman sa ilalim ng Panlalawigang Ordinansa Blg. 03-29. Ang sampol ng isda na ipinadala ng *task force* sa *BFAR Central Office* ay positibo sa *cyanide* base sa sertipikasyon ng *chemist* nito na si Laurence J. Romero. Inaresto naman nito ang 15 mangingisdang lulan ng F/B Louella na pag-aari ni Nelson Gomez ng *Fish Port* Paracale dahil sa paglabag nila sa *Section 86* at *90*. Hinuli din nito ang F/B Abe Nicole na nagdadala ng mga isda sa Jose Panganiban na mula sa Jomalig, Quezon at *vice versa* samantalang huli ang mga isdang ito gamit ang paputok. Isinailalim sa pagsusuri ang mga isda at napatunayang positibo sa paputok na isang paglabag sa *Section 88 (fishing through explosives)*.

Simula Abril-Hunyo 2008, naisagawa ng *PBDTFCT* ang mga sumusunod na gawain katulong ang mga kinauukulang ahensya at tanggapan:

Sa pamamagitan ng konduktor ng *Twin Hearts Bus* na si Conrado Rojas at sa tulong ng *Philippine Army (PA) Infantry* sa Bagong Silang I, Labo, kinumpiska nito ang 4 na *styrofore boxes* ng mga isdang huli, gamit ang dinamita. Ayon sa *BFAR Central Office,* positibo sa *cyanide* ang sampol ng isda na ipinadala ng *PBDTFCT* na una nang isinumite sa kanila ni Marlon Albus ng Brgy. San Jose sa hinalang nilason ang mga isda.

Noong Mayo 22, gamit ang *patrol boat* ng *Socio-Pastoral Action Center Foundation Inc. (SPACFI)* ay nahuli nito sa *Basiad Bay* sa bayan ng Sta. Elena ang 4 na *trawls*: *F/B Lala, F/B Ruben, F/B Arlan* at *F/B Laly* na pawang lumabag sa *Section 86* at *90* ng *RA 8550*. Nalaman sa imbestigasyon na ang 3 pinakamatataas na opisyal at *crew members* nito ay pawang residente ng Brgy. San Lorenzo, Sta. Elena. Inilipat sila ni Fiscal Omar Manlapaz sa kustodiya ng *Provincial Warden* noong Mayo 21. Kaalinsabay nito, namataan ni *SPO3* Manuel Orit na lulan sa hiwalay na bangka ang 2 mangingisda na nanghuhuli gamit ang *compressor* at *cyanide* kung saan naaresto rin sina Juanito E. Espiyos at Jovito Lladones lulan ng *unmarked fishing boat* na inilipat sa kustodiya ni Ruben Pamilaran, Bantay-Dagat ng Basiad, Sta. Elena.

Nagtungo muli noong Hunyo 10 sa Bagong Silang, Labo ang grupo at naglagay ng *mobile checkpoint* para manghuli ng mga indibidwal at/o grupo na iligal an nanghuhuli ng mga isda at/o nagbibiyahe na walang kaukulang papeles katulong ang *PA Infantry* na pinamumunuan ni *SSG* Arnulfo V. Salvino. Negatibo naman sa paputok o lason ang sampol ng mga isda mula sa mga dumaang *fish dealer* na isinailalim sa eksaminasyon.

Nagpatrolya ang grupo sa *Lamon Bay Area* noong Hunyo 19-21 at nahuli sa *Macolabo Island*, Paracale ang 3 mangingisda na gumagamit ng *compressor* na sina Freddie Galicia, Felomino Pascual at Peter Galicia ng naturang isla. Ang kaso ng paglabag sa *Section 14* ng *Municipal Ordinance No. 02 series of 2001* ay naisampa na sa *MTC* Paracale.

Kamakailan ay hiniling ni *Supervising Agriculturist* Edgar A. Estanislao ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* kay *P/Supt.* Noel B. Constantino Sr., *CSEE* ng *police personnel* mula sa *provincial command* para makasama ng *PBDTFCT* sa operasyon nito sa Vinzons dahil sa umano'y kapunapunang pagiging malapit ng pamunuan ng *Vinzons Municipal Police Station* sa mga iligal na *fishing operators*.

Matatandaan na noong Abril 15-16, sinamahan ng PBDTFCT ang mga tauhan ng *BFAR* na nagsagawa ng *water sampling* sa palibot ng mga isla ng Banocboc, Pinagtigasan at Mangcauayan sa Vinzons para suriin ang antas/dami *(extent)* ng *cyanide contamination.* Bigla nilang namataan ang 2 buli-buli malapit sa *Baba* ó sa kabilang ibayo lang ng *Macolabo,* na naghagis ng lambat na malinaw na paglabag sa kinauukulang batas.

Kaagad itong ipinaalam ni Estanislao sa nakatalagang pulis sa Brgy. Banocboc para maaresto ang mga mangingisda ngunit nadismaya siya nang biglang nawala ang pulis samantalang ang 2 sasakyang-dagat naman ay naiahon na ang kanilang lambat at dagling naglaho. Dahil sa naturang pangyayari, naniniwala sila na ang mga opisyal ng pulisya roon ay malapit sa mga iligal na *fishing operators*.

Idinagdag pa ni Estanislao na ang mga maliliit na mangingisda ng Pinagtigasan at Mangcauayan ay nababawasan ang kita dahil karamihan sa kanila ay hindi makapangisda sa malalayong lugar dahil sa kakulangan ng pambili ng *diesel fuel*. Nakapangingisda lamang sila malapit sa isla subali't konti ang kanilang nahuhuli dahil naunahan na sila ng mga mangingisda na gumagamit ng mga iligal na pamamaraan, kung kaya't halos kulang pa ang huli nila para sa kunsumo ng kanilang pamilya na mas nagpapalala sa dati na nilang miserableng kundisyon.

Sa bisa naman ng *Memorandum No. 080706-01*, itinalaga ni Gob. Jesus O. Typoco Jr. si Estanislao bilang *officer-in-charge* ng OPAg simula Hulyo 21, 2008 habang hinihintay pa na maaprobahan ng Komisyon ng Serbisyo Sibil ang kahilingan ng gobernador para sa pagpalawig ng serbisyo ni *Provincial Agriculturist* Rodolfo B. Salamero..

Patuloy namang sinusuportahan ng gobernador ang mga gawain at programa ng *PBDTFCT* para lubusang masugpo ang mga iligal na paraan ng pangingisda at mapangalagaan ang likas na yamang-tubig ng lalawigan at mapakinabangan ito ng mga susunod pang he-nerasyon. ***LT Ibasco***

# NDC Month celeb....

(Mula sa pahina 6)

*nating Council (MDCC)* at *PDCC* sa pamamagitan ng *Public Safety and Emergency Management Office (PSEMO).* Nakiisa rin dito ang samahan ng mga sasakyan (dyipni at traysikel) sa nasabing bayan na nagsilbing tagapaglikas sa mga residente.

Isinagawa naman ng pamahalaang bayan ng Labo noong Hulyo 30-31 ang *skills olympics* para sa mga opisyal at miyembro ng *Barangay Emergency Response Team (BERT)* ng naturang bayan. Layunin nito na matukoy ang kanilang mga kahinaan upang higit na mapagbuti ang kanilang mga programa at pagkilos para matiyak ang kaligtasan ng kanilang pamayanan.

Nakiisa rin sa malawakang selebrasyon ng *NDCM* ang pamahalaang bayan ng San Vicente na nagsagawa ng *Seminar-Workshop on Disaster Preparedness* noong Hulyo 22 -25, 2008. Noon namang Hulyo 24-25, 2008, isinagawa ang katulad na pagsasanay sa *Philippine Army* sa *Camp Busig-on,* Brgy. Tulay na Lupa sa



BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN

TAON 8, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE HULYO 2008
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, C.Norte"
Website: http:///www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com




# PBDTFCT pinapurihan ng Capalonga MFARMC







## *mga inisyatibo at nagawa nito inilahad*

Sa pamamagitan ng Resolusyon Blg. 2008-15, pinapurihan ng *Municipal Fisheries and Aquatic Resources Management Council* (MFARMC)

*(Sundan sa pahina 9)*

***Ang unang pagpupulong at briefing ng mga miyembro ng PBDTFCT (mula kaliwa): Rolando Tiam BFAR, Edgar A. Estanislao FDD Chief, PO2 Bonifacio Camacho PCG, SPO3 Manuel V. Orit, Jr. ng PNP Maritime, Edgardo Reyes,Media; Silvino Villacruz former Team Leader; at Eddie Dy Espiritu, Team Leader ng PBDTFCT; Ang ilan sa mga aktibidad na isinasagawa ng PBDTFCT tulad ng panghuhuli sa operasyon ng sinsoro at ang pakikipag-diyalogo sa maliliit na mangingisda sa bayan ng Capalonga.***

# PAFC-CN nat'l. awardee sa Gawad Saka 2008 Search







*Ang Gawad Saka National Evaluators na pinamumunuan ni BAS Director Romeo S. Recide (pangalawa mula sa kaliwa), Cristina Parado ng BAS(nakatayo, pangatlo mula sa kaliwa), at si PA Rodolfo Salamero ( pang-apat mula sa kaliwa), nang magkaroon ng project visitation sa PAFC-assisted projects sa Camarines Norte. Ito ay kaugnay ng isinasagawang national evaluation para sa outstanding PAFC.*

Basahin sa pahina 7